ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# KASANAYAN SA WIKANG FILIPINO AT ANTAS NG PAG-UNAWANG PAMPANITIKAN NG MGA FILIPINO-CHINESE NA MAG-AARAL

**Silvestre S. Liberato III**[1] **& Marina D. Acerit**[2]
*[1, 2]Central Graduate School, Isabela State University*
*[1]Philippine Yuh Chiau School Inc., Cabatuan, Isabela*
*[2]Isabela State University-Echague, Isabela*

**ABSTRACT**

*Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matukoy ang ugnayan ng kasanayang panggramatika at antas ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng mga mag-aaral sa Baitang 10 ng Philippine Yuh Chiau School, Inc. upang makabuo ng mga interbensyon sa pagtuturo ng wika at panitikan. Sinuri rin sa pag-aaral ang kaugnayan ng ilang personal at panlipunang salik ng mga mag-aaral gaya ng kasarian, unang wika, uri ng babasahing ginagamit, antas ng paggamit ng social media, edukasyon at hanapbuhay ng mga magulang, at buwanang kita ng pamilya. Gamit ang deskriptib-korelasyonal na disenyo, isinagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng gurong-gawang pagsusulit sa kasanayang panggramatika at pag-unawa sa panitikan. Ipinakita ng resulta na may makabuluhang ugnayan ang kasanayang panggramatika sa pag-unawa sa panitikan. Natukoy na ang kasarian, uri ng binabasa, at antas ng paggamit ng social media ay may kaugnayan sa kasanayang panggramatika at pag-unawa sa panitikan. Samantala, natukoy ding may bahagyang epekto ang hanapbuhay ng ama sa antas ng pag-unawa sa panitikan. Bunga ng mga natuklasan, iminungkahi ang mga interbensyong tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.*

**KEYWORDS:** *Kasanayan sa Wika, Filipino, Pag-unawang Pampanitikan, Filipino-Chinese na Mag-aaral*

## RATIONALE

Mahalagang bahagi ng personal at propesyunal na pag-unlad ng bawat miyembro ng alinmang lipunan ang kakayahang magpaghayag ng angkop na kumbensiyon at umunawa ng tekstong binabasa. Dahil dito, mahalagang bahagi ng kurikulum sa batayang edukasyon ang pagpapaunlad sa kasanayan sa wikang Filipino at antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga akdang pampanitikan.

Sa kurikulum ng Filipino sa Batayang Edukasyon sa Pilipinas, mahalagang bahagi ang paglinang sa mga kasanayang panggramatika at pagpapahalagang pampanitikan sa mga mag-aaral. Ang pinagsanib na paraan ng pagtuturo sa wika, kung saan nakapaloob ang kasanayang panggramatika at pag-unawa sa mga akdang panitikan ay malinaw na kabilang sa nilalaman ng kurikulum ng Filipino sa bawat baitang (K-12 Gabay Kurikulum). Ayon sa mga naunang pag-aaral, ang pinagsanib na pagtuturo ng balarila at panitikan ay nakatutulong sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan sa wika (Bernardo, 2004).

Ang pagiging mahusay sa gramatika ay isang mahalagang bahagi ng pakikipagkomunikasyon Mahalagang kasanayan ito upang makapagpahayag nang maayos at maliwanag ang mga ideya at damdamin ng mga mag-aaral. Gayunpaman, isang karaniwang obserbasyon ng mga guro ng wika na maraming mag-aaral ang nahihirapan sa wastong paggamit ng gramatika, na nagreresulta sa hindi pagkakaintindihan at maling interpretasyon. Ang maling paggamit ng gramatika ay maaaring magdulot ng negatibong epekto lalo na sa pag-aaral, partikular sa mga asignaturang may kaugnay sa wika at panitikan. Ayon sa pag-aaral ni Gonzales (2015), lumabas na ang mga mag-aaral na mahusay sa balarila ay mas magaling din sa pag-intindi ng kanilang binabasang teksto.

Ang kahusayan sa balarila ay isang mahalagang kakayahang dapat taglayin upang mahusay na magamit ang wika sa tamang paraan. Ang wastong paggamit ng balarila ay nagtutulak sa mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang mga kaisipan nang mas organisado at mas malinaw na magagamit sa kanilang pang-araw-araw na pakikipag-talastasan at sa kanilang pag-aaral. Ang pagsisiyasat ni Santos (2018) ay nagpapakita na mas magaling sa pagsulat at pagsasalita ang mga mag-aaral na mahusay sa balarila, na humahantong sa mas mataas na grado sa asignaturang may kinalaman sa wika.

Ang pagiging mahusay sa gramatika ay isang mahalagang aspekto sa pakikipagtalastasan. Ito ay tumutulong sa mga mag-aaral na maipahayag nang maayos at malinaw ang kanilang mga ideya at saloobin. Gayunpaman, lumalabas sa mga datos na maraming mag-aaral na nagkakaroon ng balakid lalo na sa pagsunod sa wastong gramatika, na maaaring magresulta sa hirap sa pag-unawa at maling interpretasyon ng binabasa. Ang mag-aaral na limitado ang kaalaman sa gramatika ay maaaring magdulot ng negatibong epekto sa lalo na sa kanilang performans sa paaralan, partikular sa mga asignaturang may kaugnayan sa panitikan at wika. Ayon sa pag-aaral ni Gonzales (2015), napag-alaman na ang mga mag-aaral na mahusay sa gramatika ay mas magaling din sa pag-intindi ng kanilang binabasang teksto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Nilayon ng pananaliksik na ito na suriin ang kasanayan sa wikang Filipino at antas ng pag-unawang pampanitikan ng mga Filipino-Chinese na mag-aaral sa Philippine Yuh Chiau School Inc., Cabatuan, Isabela. Bukod pa rito, ang resulta ng pananaliksik ay gagawing batayan sa pagbubuo ng interbensiyon para sa pagpapaunlad ng kasanayan sa wika at pag-unawa ng panitikan ng mga mag-aaral.

## OBJECTIVES OF THE STUDY

1. Suriin ang antas ng kasanayan sa gramatika ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Philippine Yuh Chiau School Inc., Cabatuan, Isabela.
2. Tayahin ang antas ng pag-unawang pampanitikan ng mga mag-aaral sa Philippine Yuh Chiau School Inc., Cabatuan, Isabela.
3. Suriin ang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa gramatika ng wikang Filipino at antas ng pag-unawang pampanitikan ng mga mag-aaral sa Philippine Yuh Chiau School Inc., Cabatuan, Isabela.

## METHODOLOGY

Ang pananaliksik ay gumamit ng disensyong *descriptive-correlational.* Ang disensyong *descriptive* ay naglalayong ilarawan ang datos ng pananaliksik batay sa aktuwal nitong kalagayan. Sa pananaliksik, ginamit ang disensyong ito para mailarawan ang antas ng kasanayan sa gramatika ng wikang Filipino at antas ng pag-unawang pampanitikan ng mga mag-aaral sa Philippine Yuh Chiau School Inc., Cabatuan, Isabela. Sa kabilang dako, ang *correlational* na disenyo ay ginagamit upang suriin ang posibleng ugnayan sa pagitan ng dalawang (2) baryabol ng pananaliksik. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang disenyong ito upang suriin ang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa wikang Filipino at antas ng pag-unawang pampanitikan ng mga mag-aaral mula sa Philippine Yuh Chiau School Inc., Cabatuan, Isabela. Ang mga mag-aaral mula sa Baitang 10 ang naging kalahok sa pananaliksik. *Purposive sampling* ang ginamit na proseso upang piliin ang mga naging kalahok sa pananaliksik. Filipino-Chinese na mga mag-aaral ang lumahok sa pananaliksik. Ang datos ay kinalap sa pamamagitan ng gawang-gurong pagsusulit. Ang pagsusulit ay sumailalim sa *item analysis, content validation* ng mga eksperto at *pilot testing.* Ang Cronbach alpha na 0.91 ay nagpapakita na mahusay ang ginamit na materyal.

Ang iskalang ginamit para sa pagsusuri ng kahusayan sa gramatika at ang deskripyon ng mga datos ay makikita sa ibaba:

| Marka at Iskor | Deskripsyon |
|---|---|
| 20-25 | Napakataas |
| 15-19 | Mataas |
| 1 0-14 | Katamtaman |
| 6-10 | Mababa |
| 1-5 | Napakababa |

Ang iskalang ginamit sa pagsusuri ng antas ng pag-unawan mga mag-aaral ay makikita sa ibaba:

| Marka at Iskor | Deskripsyon |
|---|---|
| 20-25 | Pagpapahalaga |
| 15-19 | Aplikasyon |
| 10-14 | Pag-unawang Kritikal |
| 6-10 | Pag-unawang Interpretasyunal |
| 1-5 | Pag-unawang literal |

Upang matamo ang layunin ng pananaliksik, gumamit ng frequency at percentage para sa paglalarawan sa kasanayan sa gramatika ng wikang Filipino at antas ng pag-unawang pampanitikan ng mga mag-aaral. Pearson r correlation naman ang ginamit para sa pagsusuri sa relasyon sa pagitan ng mga baryabol ng pananaliksik.

## RESULT AND DISCUSSION

**Talahanayan 1. Antas ng Kasanayang Pangwika ng mga Respondent batay sa Gawang-Gurong Pagsusulit.**

| Marka | Frequency (n=70) | Bahagdan |
|---|---|---|
| 1. Napakahusay (21-25) | - | - |
| 2. Mahusay (16-20) | 11 | 15.71 |
| 3. Katamtaman (11-15) | 43 | 61.43 |
| 4. Nagsisimula (6-10) | 14 | 20.00 |
| 5. Panimulang Antas (1-5) | 2 | 2.86 |
| **Kabuoang Mean = 12.67 (Katamtaman)** | | |

Makikita sa Talahanayan 1 ang performans ng mga mag-aaral sa gawang-gurong pagsusulit na sumukat sa kanilang kasanayan sa wikang Filipino. Ipinapakita nito kung alin sa mga mag-aaral ang may mataas, katamtaman, o mababang kasanayan, at kung sino ang nangangailangan pa ng karagdagang pagsasanay. Batay sa nakalap na datos, lumitaw na ang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral ay may iba't ibang antas, kung saan ang karamihan ay nasa katamtaman na antas ng kasanayan. May 43 na respondent o 61.43% ng kabuoang populasyon ang nakakuha ng iskor sa hanay ng 11-15, na itinuturing na katamtaman ang kasanayan. Samantalang, 11 respondent o 15.71% ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 16-20, na nagpapakita ng mataas na kasanayang pangwika. Ipinakikita nitong sa pagsulat ay may ilang mag-aaral na mahusay sa paggamit wikang Filipino. na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may katamtamang kakayahan. Sa kabilang dako, may 14 na respondent o 20% ang nakakuha ng mga puntos sa pagitan ng 6-10, nagpapahiwatig na ito ay may mahinang kasanayan sa tuntuning pangwika. Bukod pa rito, may dalawang respondent o 2.9% ang nakakuha ng markang mas mababa sa anim (6), na nagpapahiwatig ng kanilang napakababang kasanayan sa wika. Sa kabuoan, ang kabuoang mean ng pagsusulit ay 12.67. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may katamtamang antas ng kasanayang panggramatika. Bagaman ang karamihan sa mga mag-aaral ay nasa katamtamang antas, ngunit makikita rin na may ilang nangangailangan ng karagdagang pagsasanay at pagpapalawak ng kaalaman upang mapabuti ang kanilang kasanayang pangwika.

Ang resultang ito ay katulad ng sa pag-aaral nina Dela Cruz, et al. (2022). Natuklasan na ang mga mag-aaral ng Grade 9 ay may antas ng kakayahang pangwika na nasa nagsisimulang antas sa pagpili ng wastong salita, kayarian ng pangungusap, at lohikal na organisasyon. Gayundin, sa pananaliksik nina Villanueva at Mercado (2021), ipinakita na ang mga mag-aaral sa Grade 11 ay may iba't ibang antas ng kasanayan sa gramatika sa pagsulat ng konseptong papel, na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa karagdagang pagsasanay upang mapabuti ang kanilang kasanayang pangwika.

**Talahanayan 2. Antas ng Pag-unawang Pampanitikan ng mga Mag-aaral batay sa Gawang-Gurong Pagsusulit.**

| Marka | Frequency (n=70) | Bahagdan |
|---|---|---|
| 1. Napakahusay (21-25) | 3 | 4.29 |
| 2. Mahusay (16-20) | 30 | 42.86 |
| 3. Katamtaman (11-15) | 24 | 34.29 |
| 4. Nagsisimula (6-10) | 13 | 18.56 |
| 5. Panimulang Antas (1-5) | - | - |
| **Kabuoang Mean = 14.81 (Pag-unawang Kritikal)** | | |

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita sa antas ng pag-unawang pampanitikan ng mga mag-aaral batay sa gawang-gurong pagsusulit. Batay sa ipinakitang datos, makikita ang distribusyon ng antas ng pag-unawa sa panitikan ng mga mag-aaral sa Baitang 10. Ang pinakamalaking porsyento ng mga mag-aaral (42.86%) ay nasa antas ng mahusay (16-20), na nagpapahiwatig na marami sa kanila ang kayang gamitin ang kanilang natutuhan sa mas mataas na antas ng pag-unawa. Samantala, 34.29% ng mga mag-aaral ay nasa antas ng katamtaman (11-15), na siyang tumutugma rin sa *overall mean* na 14.81, kaya maaaring ipakahulugan na sa pangkalahatan, nasa antas ng katamtaman ang mga mag-aaral.

May 18.56% naman ang nasa nagsisimula (6-10), habang isang maliit na porsyento lamang (4.29%) ang umabot sa napakahusay (21-25). Wala namang mag-aaral na nasa panimulang antas (1-5), na maaaring mangahulugan na ang lahat ng mag-aaral ay may kakayahang lumampas sa pinakamababang antas ng pag-unawa. Sa kabuoan, ipinapakita ng resulta na karamihan sa mga mag-aaral ay may kakayahang mag-analisa at ilapat ang kanilang natutuhan sa panitikan, ngunit iilan lamang ang nakarating sa pinakamataas na antas ng pag-unawa, ang napakahusay. Ipinapahiwatig nito na maaaring kailangan pang pag-ibayuhin ang mga estratehiya sa pagtuturo upang mahikayat ang mas maraming mag-aaral na maabot ang mas mataas na antas ng pag-unawa sa panitikan.

Ang resultang ito ay katulad ng pananaliksik nina Garcia at Ramos (2020) na nagsabing ang makabuluhang pag-unawa sa panitikan ay nangangailangan ng integratibong pagtuturo na humuhubog sa kognitibo at afektibong aspekto ng mag-aaral. Sinusuportahan din ito ng pananaliksik ni Buenaventura (2021), na nagsasaad na upang maabot ng mga mag-aaral ang antas ng napakahusay, kinakailangan ng mas aktibong partisipasyon sa diskurso, mas personal na koneksyon sa akda, at mas masinop na paggabay mula sa guro.

**Talahanayan 3. Relasyon sa Pagitan ng Kasanayan sa Wika at Antas ng Pag-unawa sa Panitikan ng mga Mag-aaral.**

| Baryabol | Antas ng Pag-unawa sa Panitikan r-value | p-value |
|---|---|---|
| Kasanayan sa Wika | 0.46* | 0.01 |

*Legend: * - significant at 5% level*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita sa relasyon sa pagitan ng kasanayan sa wika at antas ng pag-unawa sa panitikan ng mga mag-aaral. Makikita mula sa talahanayan na mayroong makabuluhan at positibong ugnayan ang kasanayan sa wika at antas ng pag-unawa sa panitikan ng mga mag-aaral. Nakabatay ito sa resulta ng tinuos na r-value na 0.46 at p-value na 0.01. Ang makabuluhan at direktang ugnayang ito ay nagpapahiwatig na mayroong mataas na posibilidad na ang kasanayan sa wika ay mayroong positibong epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na magbigay kahulugan at pag-unawa sa mga binabasang akdang pampanitikan. Dagdag pa rito, ipinakikita ng resultang ito na ang pagtaas ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral ay nakatutulong upang mapataas din ang antas ng pag-unawa sa panitikan ng mga mag-aaral. Dahil sa resultang ito, pinawawalang-bisa ang hinuha ng pananaliksik na nagsasaad na walang makabuluhan relasyon ang kasanayan sa wika at antas ng pag-unawang pampanitikan ng mga mag-aaral.

Ipinakikita ng datos na ang kasanayan sa wika ay maaaring isang mahalagang salik sa pagpapabuti ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga akdang panitikan. Bagaman hindi ito isang matibay na ugnayan, ipinapahiwatig nito na may kaugnayan ang dalawang kakayahan at maaaring makinabang ang mga mag-aaral mula sa pagpapalakas ng kanilang kaalaman sa gramatika upang mapabuti ang kanilang pag-unawa sa panitikan. Ang resultang ito ay katulad ng pananaliksik nina Torgesen, *et al*. (2018), ang kasanayan sa gramatika ay isang kritikal na aspeto ng komprehensiyon sa pagbasa. Ipinakita nila na ang mga mag-aaral na may solidong pundasyon sa sintaks at semantiks ay mas mahusay sa pag-unawa ng mga akdang pampanitikan, dahil ang pag-unawa sa wika ay hindi lamang nakabatay sa mga salita kundi pati na rin sa gramatikal na estruktura na nagpapalawak sa kanilang kakayahan sa masusing pagsusuri at interpretasyon ng mga teksto.

Gayundin sa pag-aaral ni Lim at Hwang (2020), kung saan ipinakita nila na mayroong katamtamang positibong ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa wika at pag-unawa sa panitikan ng mga mag-aaral. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang kasanayan sa wika ay may malaking papel sa pag-unawa ng mga teksto, partikular sa mga akdang panitikan. Ang kanilang pagsusuri ay nagpakita ng isang bahagyang ugnayan, na may positibong epekto ang mas mataas na kasanayan sa wika sa kakayahan ng mag-aaral na mas malalim na maunawaan ang mga akdang pampanitikan.

**Recommendations**

Batay sa mga natuklasan, nararapat na ipatupad ang sumusunod na rekomendasyon upang higit pang mapaunlad ang kasanayang pangwika at pag-unawa sa panitikan ng mga mag-aaral sa Baitang 10:

1) **Pagpapaunlad ng kasanayang gramatika** – ang mga guro ay pinapayuhang magdisenyo ng mga gawaing pampagtuturo na nakatuon sa masusing pagsasanay sa balarila, pagbubuo ng pangungusap, at pagpapalawak ng bokabularyo. Mainam na gumamit ng makabago at interaktibong estratehiya tulad ng digital platforms at gamification upang gawing mas kawili-wili ang pagkatuto.
2) **Pagpapalalim sa pagsusuri ng panitikan** – hinihikayat ang mga guro na bigyang-diin ang paggamit ng mga estratehiya gaya ng close reading, reflective discussion, at project-based learning na nakatuon sa kritikal na pagsusuri ng mga akdang pampanitikan. Dapat ring hikayatin ang paggamit ng mga textbooks at akademikong materyales, sapagkat napatunayang nakatutulong ang mga ito sa mas mataas na antas ng pag-unawa.
3) **Pagpapatupad ng differentiated instruction** – ang mga guro ay pinapayuhang isaalang-alang ang pagkakaiba sa kasarian at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ang mga mahuhusay na mag-aaral ay maaaring bigyan ng mas hamon na gawain, habang ang mga nangangailangan pa ng tulong ay dapat bigyan ng mas konkretong gabay at mas maraming oportunidad sa pagsasanay.
4) **Pagbibigay ng remedial at mentoring programs** – ang pamunuan ng paaralan ay hinihikayat na bumuo ng patakaran para sa institusyunalisasyon ng remedial classes at peer tutoring upang tulungan ang mga mag-aaral na nasa mababang antas ng kasanayan. Ang sistematikong paggabay ng mga guro ay makatutulong upang unti-unting mapaangat ang kanilang performans.
5) **Pagbuo ng suportang programa sa paaralan at tahanan** – Mahalaga ang pakikipagtulungan ng guro, magulang, at komunidad upang mapalakas ang kasanayan ng mga mag-aaral. Ang pagbibigay ng oras sa pagbabasa at pagbibigay ng akmang babasahin ay makapagpapalalim ng interes ng mga mag-aaral sa wika at panitikan.

## REFERENCES

1. *Akbaşlı, Sait; Şahin, Mehmet; & Yaykiran, Zeliha. (2016). The Effect of Reading Comprehension on the Performance in Science and Mathematics. Journal of Education and Practice, Vol.7, No.16, pp. 108 – 121. www.iiste.org.*
2. *Alcaraz, Cid. V., Jocson, Magdalena. O., & Villafuerte, Patricinio. V. (2005). Komunikasyon sa Akademikong Filipino. 776 Aurora Blvd.,cor. Boston Street, Cubao, Quezon City, Metro Manila: Lorimar Publishing Co., Inc.*
3. *Al-Khasawneh, Fadi. (2019). The Impact of Vocabulary Knolwedge on the Reading Comprehension of Saudi EFL Learners. Journal of Language and Education, Vol. 5, Issue 3, pp. 24 – 34.*
4. *Alqarni, Ibrahim R. (2019). Receptive Vocabulary Size of Male and Female Saudi English Major Graduates. International Journal of English Linguistics; Vol. 9, No. 1; pp. 111-119. ijel.ccsenet.org.*
5. *Alsager, Reem & Milton, James. (2016). Investigating the Relationship between Vocabulary Knowledge and Academic Success of Arabic Undergraduate Learners in Swansea University. Language in Focus Journal, Vol. 2, pp. 1 – 37.*
6. *Andaya, J., & Mercado, P. (2020). Parental Occupation and Students' Academic Performance in Filipino. University of the Philippines.*

7. *Andersson, Olle. (2020). Vocabulary Use in Swedish Male and Female EFL Students' Writing. Mittuniversitetet Mid Sweden University.*
8. *Andres, Gilmar A. (2019). Efficacy of Vocabulary Size and Vocabulary Depth on Read-ing in ESL Context Among Senior High School Students of Dabubu High School, San Agustin, Isabela. Di-Nalathalang Tesis sa Isabela State University.*
9. *Antonio, Lilia F. (2008). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. Cubao, Quezon City: C&E Publishing, Inc.*
10. *Aquino, L. (2018). Mother's occupation and academic performance in Filipino: A correlational study. Philippine Normal University.*
11. *Arrogante, J. A., & Torreliza, M. (2007). Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik. National Book Store.*
12. *Arrogante, Jose A. 2012. Retorika, Masining na Pagpapahayag. Mandaluyong City: National Book Store.*
13. *Asio, Helen T. & Quijano, Michelle G. (2023). English Proficiency and Academic Performance of College Students. International Journal of Multidisciplinary Research and Analysis, Vol. 06, Issue 03, pp. 1301 – 1317.*
14. *Austero, Cecilia S., et.al. 2015. Retorika, Masining na Pagpapahayag. Maui Oasis Santa Mesa, Manila: Rajah Publishing House.*
15. *Badayos, Paquito B., et.al. 2016. Masining na Pagpapahayag (Aklat sa Filipino 3- Antas Tersyarya). Potreto, Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.*
16. *Bagaoisan, Rubylyn R. (2019). Antas ng Pag-unawang Pampanitikan ng mga Mag-aaral sa Isabela State University-Echague, Isabela. Di-Nalathalang Tesis mula sa Isabela State University, Echague, Isabela.*
17. *Bartolome, R. (2017). Kasanayan sa Pagbasa ng mga Senior High School sa Distrito ng Jones at San Agustin. Di-Nalimbag na Tesis. Isabela State University.*
18. *Batara, Saturno R. 2012. Correlates of Reading Habits and Attitudes of Students among Public High Schools in Santiago City. Di-Nalathalang Tesis. Isabela State University.*
19. *Bendalan, Nilda M. 2013. Retorika (Susi sa Mabisang Pagpapahayag). Project 6, Quezon City: Wiseman's Books Trading, Inc.*
20. *Benwag, Grace A. 2013. Reading Comprehension of the Grades 1 to 3 Pupils of Philippine Yuh Chiau School. Di-Nalathalang Tesis. Isabela State University.*
21. *Berganio, Emilia R. 2014. Reading Reediness of Special Science Elementary School and Special Education Kindergarten of Cauayan South Central School. Di-Nalathalang Tesis. Isabela State University, Echague, Isabela.*
22. *Bernales, R., Atienza, G., & Talegon, V. (2008). Kritikal na Pagbasa at Lohikal na Pagsulat tungo sa Pananaliksik. Mutya Publishing House,Inc.*
23. *Bernardo, A. B. I. (2004). Motivation and learning in the Filipino bilingual context. De La Salle University Press.*
24. *Bhati, Muhammad S. & Mukhbar, Rafia. (2020). Impact of Vocabulary Learning Strategies on Gender-Based ESL Learners. The Eurasia Proceedings of Educational and Social Sciences, Vol. 18, pp. 100 – 108.*
25. *Bilbao, Mica Elaine M. &Vasay, Ma. Juliet G. (2016). Level of Reading Comprehension of the Education Students. International Journal of Liberal Arts, Education, Social Sciences and Philosophical Studies, Volume 4, No. 1, pp. 343 – 353.*
26. *Blickenstaff, Jennifer; Hallquist, Ellie; & Kopel, Kandi. (2013). The Effects of Reading Strategies in Comprehension for Elementary Age Learners. St, Catherine UNIVERSITY, St. Paul, Minnesota.*
27. *Calindas, Vanessa at Rezie Rafael. (2002). Pagpapaunlad sa Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Unang taon (Pangkat Magalang) ng Candon National High School, Candon City, Ilocos Sur sa paglinang ng talasalitaan sa pamamagitan ng palaisipan. Action Research. UNP- Candon Campos.*
28. *Calub, Cecilia L. & Calub, Francelle L. (2017). Breadth of Productive Vocabulary Knolwedge of Pre-Service Teachers: Basis for the Proposed Intervention Strategy in Vocabulary Enhancement. IAFOR Journal of Language Learning, Vol. 3, Issue 1, pp. 34 – 51.*
29. *Camiwet, & Laranang. (2024). MTB-MLE implementation in Benguet. https://www.researchgate.net/publication/370794308_Assessment_of_the_Implementation_of_Mother_Tongue_Based-Multilingual_Education_in_the_Province_of_Benguet*
30. *Caraig, Renelle V. & Quimbo, Maria Ana T. (2022). Assessing Reading Comprehension Difficulties in Core Science Subjects of Senior High School Students in a Private Schools in Calamba City, Philippines. International Journal of Curriculum and Instruction, Vol. 14, No. 3, pp. 1983 – 2010.*
31. *Carranza, Esperanza F.; Manga, Anabell A.; Dio, Ryan V.; Jamora, Michael John A.; & Romero, Fe S. (2015). Vocabulary Learning and Strategies Used by Teacher Education Students. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 3, No. 2, pp. 49 – 55. www.apjmr.com.*
32. *Cazden, C. B. (2001). Classroom discourse: The language of teaching and learning (2nd ed.). Heinemann.*
33. *Cruz, M. (2017). Parental education and Filipino grammar performance among secondary students (Unpublished undergraduate thesis). Polytechnic University of the Philippines.*
34. *Cruz, M., & Ramos, D. (2022). Kasanayan sa pagsulat ng konseptong papel ng mga mag-aaral (Unpublished undergraduate thesis). Philippine Normal University.*
35. *Dasalla, Minalyn. (2005). Pagpapalawak ng Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Ikalawang Taon ng Pangkat Cattleya ng Teodoro Hernaez National High School sa Pagpapalawak Ng Talasalitaan sa pamamagitan ng Word Network.*
36. *De Guzman, R. (2018). Parental involvement and academic performance in Filipino. Mariano Marcos State University.*
37. *Del Rosario, Allan Isidoro C. (2015). Reading Beliefs, Metacognitive Reading Strategies and Text Comprehension of Freshman Students of Isabela State University. Di-Nalathalang Tesis. Isabela State University.*
38. *Del Rosario, H. (2019). Socioeconomic status and academic achievement in Filipino grammar. Polytechnic University of the Philippines.*
39. *Dela Cruz, A. (2020). Filipino grammatical competence among junior high school learners. University of Santo Tomas.*
40. *Dela Cruz, A., & Santos, R. (2021). Social media exposure and vocabulary development of Filipino learners. Philippine Normal University.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

41. *Dela Cruz, A., Santos, R., & Villena, J. (2022). Linguistic competence of Grade 9 students: Basis for instructional enhancement. University of the Philippines.*
42. *Dela Cruz, M. (2019). Integrating grammar and literature in Filipino language teaching: Effects on students' comprehension. Philippine Normal University.*
43. *Dominador, Pasenos Jr. D. (2020). Kasanayan sa Pagbasa at Akademikong Performans ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang sa Palanan, Isabela. Di-Nalathalang Tesis mula sa Isabela State University, Echague, Isabela.*
44. *Domingo, J. (2009). Reading Comprehension of the Students of Alicia Vocational High School Di-Nalathalang Tesis mula sa Isabela State University, Echague, Isabela.*
45. *Dong, Yang; Tang, Yi; Chow, Bonnie Wing-Yin; & Dong, Wei-Yang. (2020). Contribution of Vocabulary Knolwedge to Reading Comprehension among Chinese Students: A Meta-Analysis. Frontiers in Psychology, Vol. 11, pp. 1 – 15.*
46. *Dulman, et al. (2021). Visible thinking routines study. https://repository.wvsu.edu.ph/handle/20.500.14353/673*
47. *Esmil, & Rosadi. (2021). Social media and reading competence. https://lingcure.org/index.php/journal/article/view/2034/876*
48. *Espina, Leticia D., Placencia, Norly R., Ramos, Victoria R. (2009). Literatura ng Iba't Ibang Rehiyon ng Pilipinas. Intramuros, Manila: Mindshapers Co., Inc.*
49. *Garcia, K., & Santos, B. (2021). Factors affecting grammatical proficiency of Filipino high school students. De La Salle University.*
50. *Gomez, Erlinda L. (2014). Kakayahan sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Ikawalong Graado sa mga Paaralang Sekundarya ng Isabela State University. Di-Nalathalang Tesis sa Isabela State University, 58.*
51. *Gonzales, R. (2015). Grammar proficiency and reading comprehension among Filipino learners. University of the Philippines.*
52. *Gonzalvo, Romeo Jr. P. (2011). Masining na Pakikipagtalastasan para sa Akademikong Filipino. Intramuros, Manila: Mindshapers Co., Inc.*
53. *Guillermo, Ronie G. 2009. Reading Abilities of First Year Students of Saguday National High School, Saguday, Quirino. Di-Nalathalang Tesis. Isabela State University, Echague, Isabela.*
54. *Guimba, Wardah D. & Alico, Jerryk C. (2015). Reading Anxiety and Comprehension of Grade 8 Filipino Learners. International Journal of Humanities and Social Sciences, Special Volume, pp. 44 – 59. http://aajhss.org/index.php/ijhss.*
55. *Gultiano, Shelou O. (2022). Reading Comprehension in English Subject among Grade 4 Students in Carmen Elementary School. International Journal of Advanced Research and Innovative Ideas in Education, Vol. 8, Issue 6, pp. 375 – 390.*
56. *Hery, Ipung Sri Purwanti & Abas, Imelda Hermilinda. (2020). The Role of Gender in Vocabulary Acquisition Through Nursery Rhymes among Young EFL Learners in Indonesia. Journal of Critical Reviews, Vol. 7, Issue 15, pp. 5959 – 5969.*
57. *Hijazi, Dima. (2018). The Relationship Between Students' Reading Comprehension and Their Achievement in English. US-China Foreign Language, March 2018, Vol. 16, No. 3, pp. 141 – 153. doi:10.17265/1539-8080/2018.03.002.*
58. *Icutan, Gloria O., et.al. 2014. Retorika sa Tersyarya. Tinajeros, Malabon City: Jimczyville Publications.*
59. *Idulog, R., Santos, M., Vega, P., & Ramirez, J. (2023). Reading literacy of Filipino learners: Emerging trends and challenges in the K to 12 context. Department of Education.*
60. *Igulog, Mark Vergel A.; Gadiano, Ronald, C.; Toledo, Edmon G.; Hermosoda, Melanie L.; Casaldom, Hazel V.; Mariposa, Marianne R.; Geron, Christie R.; Dequito, Eleba G., Genanda, Joremea A.; Malipot, Mark Anthony B.; Pentang, Jupeth T.; & Bautista, Ronalyn M. (2023). Filipino Students' Reading Ability: A Note on the Challenges and Potential Areas for Improvement. International Journal of Education and Teaching Zone, Vol. 2, Issue 2, pp. 233 – 242.*
61. *Imam, Ombra A.; Mastura, Maripaz A.; Jamil, Hajri & Ismail, Zurida. (2014). Reading Comprehension Skills and Performance in Science among High School Students in the Philippines. Asia Pacific Journal of Educators and Education, Vol. 29, pp. 81 – 94.*
62. *Isaguirre, Sweetzel T. (2019). The Effect of Vocabulary Size and Vocabulary Depth on Reading in ESL Context among the Students of Isabela State University, Echague, Isabela. Di-Nalathalang Tesis sa Isabela State University.*
63. *Ishikawa, Yuka. 2015. Gender Differences in Vocabulary Use in Essay Writing by University Students. Procedia - Social and Behavioral Sciences; Vol. 192; pp. 593 – 600. doi: 10.1016/j.sbspro.2015.06.078.*
64. *Khan, Muhammad Saleen. (2016). The Impact of Native Language Use on Second Language Vocabulary Learning by Saudi EFL Students. English Language Teaching, Vol. 9, No. 5, pp. 134 – 140.*
65. *Kuss, D. J., & Griffiths, M. D. (2017). Social networking sites and addiction: Ten lessons learned. International Journal of Environmental Research and Public Health, 14(3), 1–17.*
66. *Lamb, M. (2017). Parental involvement and its influence on student motivation. Journal of Child and Family Studies, 26(2), 457–472.*
67. *Liao, Y. (2015). The effects of digital reading platforms on vocabulary and comprehension. Journal of Educational Technology & Society, 18(4), 230–244.*
68. *Lim, S., & Hwang, D. (2020). Language proficiency and literary comprehension among Asian learners. Asian Journal of Education, 11(2), 55–68.*
69. *Limos, Diana Rose S. (2015). Metacognitive Strategies and Reading Comprehension of Freshman Students. Di-Nalathalang Tesis. Isabela State University.*
70. *Lopez, J. R. (2020). Modern approaches in language teaching and their effects on student performance in Filipino. University of Santo Tomas.*
71. *Lopez, J., & De Vera, M. (2020). Parental educational background and linguistic performance of Filipino students. Philippine Normal University.*
72. *Lopez, R., & Reyes, A. (2020). Parental involvement and linguistic skills among Filipino learners. University of Santo Tomas.*
73. *Lucila, M. (2014). Antas ng Kasanayan sa Pagbasa at Pag-unawa ng mga Mag-aaral: Saligan sa Pagbuo ng Programang*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

*Interbensiyon sa Filipino IV ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Talipan Taong Panuruan 2013–2014. https://www.scribd.com/presentation/420626977/ANTAS-NG-KASANAYAN-SA-PAGBASA-AT-PAG-UNAWA-NG-pptx*
74. *Macadangdang, Sherlyn B. (2020). Kakayahan sa Pag-unawang Pampanitikan at Performans sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikasampung Baitang sa Angadanan East District. Di-Nalathalang Tesis mula sa Isabela State University, Echague, Isabela.*
75. *Mahaguay, Kristine Carla A. (2021). Vocabulary Skills in English of the Grade 12 Humanities and Social Sciences Students: An Input to Vocabulary Enhancement Program in the New Normal. The URSP Research Journal, Vol. 7, Issue 1, pp. 42 – 49.*
76. *Maranan, M., & Crospero, S. (2017). Pagbasa at Pagsulat ng Iba't ibang Teksto tungo sa Pananaliksik. Mindshapers Co.,Inc.*
77. *Marasigan, E., & Dayag, A. (2017). Pinagyamang Pluma. Cubao, Quezon City: Phoenix Publishing House Inc.*
78. *Marquez, Servillano T., Garcia, Florante C. (2013). Panitikang Pilipino, Interaktibo at Integratibong Talakay Alinsunod sa OBE (Ikalawang Edisyon). Mandaluyong City, Manila: Books Atbp. Publishing Corp.*
79. *Masrai, Ahmed & Milton, James. (2021). Vocabulary Knowledge and Academic Achievement Revisited: General and Academic Vocabulary as Determinant Factors. Southern African Linguistics and Applied Language Studies, Vol. 39, Issue 3, pp. 282 – 294.*
80. *McCollum, S. (2017). First language influence on second language literary comprehension. Journal of Language and Literacy Studies, 9(1), 14–29.*
81. *McCrory, M., Adams, J., & Lee, P. (2018). Comparing print and digital texts for academic reading. Journal of Educational Psychology, 110(6), 848–860.*
82. *Mendoza, L., & Bautista, H. (2021). Factors affecting reading comprehension among junior high school students. Polytechnic University of the Philippines.*
83. *Mendoza, L., & Cruz, F. (2020). Parents' occupations and students' academic outcomes in Filipino. University of the East.*
84. *Mercado, Princess Dianne Y. (2020). Vocabulary Learning Strategies and Knowledge of 1st Year BSED Major in English Students: A Correlation. International Journal of Social Science and Humanities Research, Vol. 8, Issue 4, pp. 349 – 358.*
85. *Miñosa, Manilyn V. & Montero, Marites A. (2019). Reading Comprehension among Intermediate Learners. Science International (Lahore), Vol. 31, No. 3, pp. 561 – 568.*
86. *Mirasol, Rosalyn G. & Topacio Katrina Ninfa. (2021). Reading Perceptions, Need and Practices among Parents of an Urban Poor Community in the Philippines. Reading Psychology, Vol. 42, Issue 7, pp. 1 – 11.*
87. *Mirasol, Rosalyn G. (2019). Vocabulary Size, Reading Motivation, Reading Attitudes and Reading Comprehension Performance among Filipino College learners of English. International Journal of Evaluation and Research in Education (IJERE), Vol. 8, No. 1, pp. 64 – 70. DOI: 10.11591/ijere.v8.i1.15335.*
88. *Misuari-Abdurasul, Sar-Ana M. (2023). Vocabulary Proficiency: Its Influence on Reading Comprehension Skills among Students in Selected Secondary Schools in Isabela, Basilan. International Journal of Management Studies and Social Science Research, Vol. 5, Issue 3, pp. 382 – 395.*
89. *Montes, Mylene. (2003). Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Pagpapalawak ng Talasalitaan ng mga Mag-aaral sa Ikalawang Baitang ng Mababang Paaraln ng Timog Sentral ng Santiago sa pamamagitan ng mga piling salita. Di-Nalathalang Tesis mula sa Isabela State University, Echague, Isabela.*
90. *Okkinga, M.; Van Gelderen, AJS; Van Schooten, E; Van Steensel, R; & Sleegers, PJ. (2022). Does Vocabulary Knowledge Matter in the Effectiveness of Instructing Reading Strategies? Differential Responses from Adolescents with Low Academic Achievement on Growth in Reading Comprehension. Springer Link: Reading and Writing, Vol. 36, pp. 2549 – 2575.*
91. *Panaga, Eliza. S. (2012). Pupils' Reading Proficiency and Teachers' Motivational Level in Elementary Schools of Echague, Isabela. Di-Nalathalang Tesis ng Isabela State University, 73.*
92. *Payangdo, J. (2024). Language proficiency of high school learners across home languages. Philippine Normal University.*
93. *Perez, H. (2019). Pagpapaunlad sa Kakayahan sa Maunawang Pagbasa ng mga Mag-aaral sa grade 8 sa pamamagitan ng Estratehiyang Sama-samang Pagkatuto. https://depedro1.com/wp-content/uploads/2019/02/Herbert-Perez.pdf*
94. *Porquia, S. (2019). Parental education and student performance in Filipino. West Visayas State University.*
95. *Pura, A. V., Jocson, M. O., & Ruzol, H. S. (2008). Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik. Van Haren Publishing.*
96. *Quines, Zaldy M. (2022). Vocabulary Size of Students and Its Relationship to English Language Performance. American Journal of Educational Research, Vol. 10, No. 12.*
97. *Ramos, D., & Villanueva, J. (2022). Epekto ng social media sa paraan at estilo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Polytechnic University of the Philippines.*
98. *Ravago, M. (2018). Komprehensiyon Sa Pagbasa. depedbataan.comPublications. Published. http://www.depedbataan.com/resources/4/komprehensyon_sa_pagbasa_-_marites_ravago.pdf*
99. *Republic Act No. 10533. (2013). Enhanced Basic Education Act of 2013. Government of the Philippines.*
100. *Reyes, M. (2018). Explicit grammar instruction and its effects on student performance. Philippine Normal University.*
101. *Reyes, M., & Bautista, R. (2020). Unang wika at kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. University of the Philippines.*
102. *Rivero, Roldan. R. (2016). Literary Reading Comprehension Skills of Students at School of Saint Joseph (Naguilian, Isabela), Inc. Di-Nalathalang Tesis sa Isabela State University.*
103. *Rosenblatt, L. M. (1994). The reader, the text, the poem: The transactional theory of the literary work. Southern Illinois University Press.*
104. *Sajonia, Randy M. (2019). Learning Style Preference and Academic Performance in English of Junior High School*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 1| January2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

*Students of San Isidro National High School. Di-Nalathalang Tesis sa Isabela State University.*

105. *San Juan, R. (2019). DepEd Welcomes PISA Results, Recognizes "Gaps" in Education Quality. https://www.philstar.com/headlines/2019/12/04/1974229/deped-welcomes-pisa-results-recognizes-gaps-education-quality*
106. *Santiago, P., & Lim, S. (2021). First language and literary comprehension. Asian Journal of Language Studies, 8(2), 75–89.*
107. *Santillan, Jennifer P. & Daenos, Richard G. (2020). Vocabulary Knowledge and Learning Strategies of Senior High School Students. Universal Journal of Educational Research, Vol. 8, No. 6, pp. 2474 – 2484.*
108. *Santos, L. R. (2018). Grammar mastery and writing proficiency among junior high school students. Philippine Normal University.*
109. *Santos, L., & Villanueva, R. (2021). Socioeconomic status and academic achievement in Filipino. Philippine Normal University.*
110. *Saraos, P. (2021). Kasanayan sa Bokabularyo, Antas ng Pag-unawa at Akademikong Performans ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Raniag High School. Di-Nalimbag na Tesis. Isabela State University.*
111. *Snow, C. (2012). Reading for Understanding Toward an R&D Program in Reading Comprehension. Published. https://videnomlaesning.dk/media/2526/reading-for-understanding.pdf*
112. *Sun, Uanke; Wang, Jindao; Dong, Yang; Zheng, Houyuan; Yang, Jie; Zhao, Yaman; & Dong, Weiyang. (2021). The Relationship between Reading Strategy and Reading Comprehension: A Meta-Analysis. Frontiers in Psychology, Vol. 12, pp. 1 – 11.*
113. *Surma, T. (2015). Digital reading and comprehension among adolescents. Journal of Media Literacy Education, 7(2), 45–56.*
114. *Syaifudin, Raden; Sari, Ayu Wulan; Paramita, Trisna; & Yanti, Titis Setia. (2020). Students' Receptive Vocabulary Size and Academic Performance: Exploring Possible Relationship. Advances in Social Science, Education, Humanities Research, Vol. 434, pp. 208 – 213.*
115. *Tomas. Mary Jane L.; Villaros, Erleo T.; & Galman, Sheena Mai A. (2021). The Perceived Challenges in Reading of Learners: Basis for School Reading Program. Open Journal of Social Sciences, Vol. 9, No. 5, pp. 107 – 122.*
116. *Torgesen, J., Wagner, R., & Rashotte, C. (2018). The relationship between linguistic skills and reading comprehension. Reading Research Quarterly, 53(1), 159–179.*
117. *Tressler, P., Hall, S., & McBride, K. (2017). Print vs. digital materials in developing critical thinking. Journal of Literacy Research, 49(3), 305–322.*
118. *Vacalares, Sophomore T.; Abilar, Rica Jane & Cata-ag, Erjhon. (2023). Exploring the Nexus between Lexical Knowledge and Reading Comprehension of Teriary Education Students. International Journal of Interdiscipline Research and Innvovations, Vol. 11, Issue 2, pp. 81 – 88.*
119. *Velasco, Maria Christina M. (2022). Kasanayan at Antas ng Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa University of Perpetual Health, Cuayan City Isabela. Di-Nalimbag na Tesis. Isabela State University.*
120. *Villafuerte, Patrocinio. A. at Bernales R. A. (2008). Pagtuturo sa Filipino: Mga Teorya at Praktika. Malabon City: Mutya Publishing House.*
121. *Villanueva, J., & Mercado, F. (2021). Grammatical proficiency of Grade 11 students in writing concept papers. Philippine Normal University.*